Republic of the Philippines
Office of the President
**COMMISSION ON HIGHER EDUCATION**
Regional Office III
Matulungin St., Diosdado Macapagal Government Center
Maimpis, City of San Fernando, Pampanga
Telefax: (045) 455-1662; Telephone Nos.: (045) 436-1846/436-1847

RELEASED
MAR 07 2022
CHEDRO III

CHEDRO-III MEMORANDUM
No. 030 , s. 2022

Para Kay : **Sa Lahat ng Pangulo ng mga Pamantasan at Dalubhasaan ng Gitnang Luzon**

Paksa : **Panawagan sa Papel: DIWA 8**

Petsa : **Ika-apat na araw ng Marso, 2022**

---

Sa pakikipagtulungan ng Komisyong ng Mas Lalong Mataas na Edukasyon-Gitnang Luzon, inaanyayahan ang mga iskolar, gradwadong at di-gradwadong mag-aaral, guro, mananaliksik, at propesyonal mula sa agham panlipunan, humanidades, kasaysayan, pilosopiya, at siyensya na magsumite ng kanilang kontribusyon sa DIWA.

Ang DIWA (http://diwa.pssp.org.ph/) ay isang refereed e-journal na naglalayong maglathala ng mga makabuluhan at makatuturang pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino (SP) na nagsusuri at umuunawa sa diwa at pagkataong Pilipino mula sa oryentasyon at perspektibong Pilipino tungo sa pagpapalawak ng pambansang kamalayan at kamulatan ng sambayanang Pilipino.

Ang mga uri ng kontribusyon ay ang mga sumusunod:

Pananaliksik: 8-10 na pahina (single-spaced, bukod pa sa mga larawan at ilustrasyon)
Rebyu ng aklat, palabas, pelikula, o sining biswal: 2-5 na pahina (single-spaced)
Panayam sa mga iskolar tungkol sa iba't-ibang akda kaugnay ng Sikolohiyang Pilipino: 8-10 na pahina (single-spaced)
Salin sa wikang Filipino ng iba't-ibang akda, at komentaryong nagsalin: Hindi lalampas Sa 10 na pahina (single-spaced) [kinakailangang may permiso ng orihinal na may-akda at tagapaglathala, kung wala pa sa public domain ang akda]
Liham sa patnugutan: Hindi lalampas ng 2 na pahina (single-spaced)

Maaaring tignan ang nakalakip na gabay para sa kontribyutor. Mangyaring ipadala ang inyong kontribusyon sa secretariat@pssp.org.ph hanggang Hunyo 1, 2022.

Ang mga mananaliksik ng mga papel na pumasa sa inisyal na pagtatasa ay kinakailangang makibahagi sa gaganaping Writeshop sa Hunyo 2022 (ikalawang lingo, ang eksaktong petsa ay ipapadala na lamang sa email). Ang lahat ng mga papel na matatanggap para sa DIWA 8 ay inasahang maipresenta sa Pambansang Kumperensiya sa Nobyembre, 2022.

Para sa partisipasyon ng mga kinauukulan.

**DR. LEONIDA B. SIGUA-CALAGUI, LLB, CESO III**
Director IV

Talasanggunian:
Sulat mula kay Gg. Carl O. Dellomos at Bb. Teresita T. Rungduin
Mga Patnugot